
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7: Pagbibigay ng Hinuha sa Kalalabasan ng Pangyayari Bago, Habang at Matapos ang Pagbasa



**Filipino– Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 7: Pagbibigay ngHinuha sa Kalalabasan ng mga Pangyayari Bago, Habang at Matapos ang Pagbasa**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Catherine C. Genova
**Editor:** Francisca L. Pinos
Jeriel B. Caracol
**Tagasuri:** Marijo N. Panuncio
Ma. Gemma A. Bimbao
Celestino S. Dalumpines IV
**Tagaguhit:** Jonard Villarde
Swelyn E. Forro
**Tagalapat:** Esmeralda A. Dagmil
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma
Salvador O. Ochavo, Jr.
Elena P. Gonzaga
Jerry A. Oquindo
Segundina F. Dollete
Shirley A. De Juan
Merlie J. Rubio

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________
**Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033)509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7:
## Pagbibigay ng Hinuha sa Kalalabasan ng Pangyayari Bago, Habang at Matapos ang Pagbasa

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagbibigay ng Hinuha sa Kalalabasan ng Pangyayari Bago, Habang at Matapos ang Pagbasa.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagbibigay ng Hinuha sa Kalalabasan ng Pangyayari Bago, Habang at Matapos ang Pagbasa.

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ngisang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upangmapagtibayang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin



*Kumusta na kaibigan? Narito akong muli, ang iyong kaibigan na si Kokoy para samahan ka sa panibagong paglalakbay. Kaibigan, iyong matutuhan ang aralin tungkol sa pagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari bago, habang at matapos ang pag basa. Ating aalamin kung paano magbigay ng hinuha sa isang kuwento at pangyayari na babasahin mo.*

*Pagkatapos ng aralin na ito ikaw ay inaasahang:*

*•nakauunawa sa mga kuwento at panyayaring binabasa;*
*•nakasasagot sa mga tanong tungkol sakuwento at pangyayaring binasa; at*
*•nakapagbibigay ng mga hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari bago, habang, at matapos ang pagbasa. (F6PN-Id-e-12) (F6PB-IIIf-24)*

# Subukin

*Bago tayo tutungo sa ating paglalakbay kaibigan ay subukin mo muna ang iyong nalalaman sa paghinuha ng isang pangyayari.*

*Siguro naman ay alam mo ang kantang "Ako ay may Lobo", atin itong kantahin at pagkatapos ay sagutin mo ang mga tanong na nasa ibaba.*






Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
Di ko na nakita
Pumutok na pala
Sayang ang pera ko
Binili ng lobo
Kung pagkain sana
Nabusog pa ako

Mga tanong:
1. Ano ang nangyari sa lobo?
2. Sa iyong palagay, saan napunta ang pumutok na lobo?
3. Kapag pumutok ang lobo ano ang lalabas?
4. Kung kulay pula ang lobo kulay pula din ba ang hanging lalabas dito? Bakit?
5. Ano ang nasa loob ng lobo, bakit lumaki ito?

# Aralin 1 Pagbibigay ng Hinuha sa Kalalabasan ng mga Pangyayari Bago, Habang at Matapos ang Pagbasa





## *Balikan*

**Panuto:** Basahin ang mga lipon ng mga salita sa Hanay A at hanapin sa Hanay B ang maaaring kalalabasan ng mga pangyayari. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. nakipagsuntukan si Aldrin | A. sumakit ang kaniyang ngipin |
| 2. kumain ng maraming tsokolate si Pam | B. nasugatan siya sa noo |
| 3. nahuli sa klase si Anthony | C. bumaha sa kalsada |
| 4. nakakuha ng mababang marka | D. wala siyang masakyan |
| 5. umulan nang malakas | E. hindi siya nag-aral nang mabuti |

## *Tuklasin*





**Ang Kagubatan**

Ang mga kagubatan ay unti-unting nakakalbo. Walang ingat ang ginawang pagpuputol sa mga puno. Patuloy ang pagsasagawa ng sistemang kaingin. Patuloy ang pagsunog ng mga kainginero sa kagubatan. Ginawa nila itong lupang mapagtataniman. Unti-unting gumuguho at nawawala ang matabang lupa. Dahil ditto wala nang makapitan ang mga sumisipsip sa tubig sa kabundukan kapag umuulan. Napipigil nito ang pagguho ng lupa at pagbaha sa mababang lugar.

Dapat tayong makiisa sa pananatiling malinis at luntian ng kapaligiran. Labanan ang polusyon sa tubig at hangin. Isipin ang mundo at ang kalagayan ng susunod na salinlahi. Iligtas natin ang ating kalikasan upang matamo ang pinapangarap na mundo sa hinaharap

Mga tanong:

1. Kung patuloy ang pagsunog ng mga kainginero sa kagubatan, ano ang mangyayari sa gubat?
2. Ano ang mangyayari kung wala ng makapitan ang mga ugat ng puno?
3. Ano ang dahilan at unti-unting nakakalbo ang mga gubat?
4. Kapag patuloy ang pagguho ng lupa, ano ang mangyayari?
5. Dapat tayong makiisa sa pagpapanatiling malinis at luntian ng kapaligiran. Ano ang mangyayari kung susundin natin ito?

**Panuto:** Basahin ang sitwasyon at isulat ang sagot ng iyong palagay o hinuha sa bawat pangyayari.

1. Pagkauwi ni Johnrey mula sa paaralan ay dumiretso kaagad siya sa bahay ng kaniyang kaklase upang maglaro ng "video games". Sa paglalaro ay hindi namalayan ni Johnrey na takipsilim na.
    A. Matatakot siya sa pag-uwi.
    B. Mag-aalala ang kaniyang mga magulang.
    C. Pagagalitan siya ng kaniyang mga magulang.
    D. Matutuwa ang kaniyang mga magulang sa kaniyang pag-uwi


2. Maagang na ulila sa ina ang tatlong magkakapatid. Nasa ikaanim na baitang ang panganay. Palaging malungkot ang kanilang tatay, hatinggabi na kung umuwi at lasing pa.
    A. Inaway nila ang ama.
    B. Matutuwa ang magkakapatid.
    C. Maiisipan nilang humingi ng tulong sa pamahalaan.
    D. Magkakaroon ng malaking problema ang magkakapatid.

3. Maagang gumising si Angelica dahil unang araw ng pasukan. Subalit biglang bumuhos ang malakas na ulan.
    A. Matutulog na lamang siya.
    B. Hindi na siya papasok ng paaralan.
    C. Susuungin ang napakalakas na ulan.
    D. Hihintaying tumila ang ulan at hihingi ng paumanhin sa guro kung bakit nahuli sa klase.

4. Pagkatapos ng ECQ/ Enhance Community Quarantine sa kanilang lugar, parang mga kabute na nagsulputan ang mga tao sa lansangan, gala dito, gala doon. Hindi inalintana ang bilin ng gobyerno na social distancing, palaging magsuot ng mask at huwag munang lalabas ng bahay kung hindi naman kinakailangan. Ano ang susunod na mangyayari kung patuloy na pasaway ang mga tao?
    A. Sasakitang tiyan.
    B. Maraming tao ang magugutom.
    C. Maraming tao ang manghihina.
    D. Maraming mahahawaan ng sakit na Covid-19.

5. Ang mga tao sa barangay nila ay mahilig magtapon ng basura. Tapon dito, tapon doon. Ano kaya ang mangyayari sa kanilang lugar?
    A. Gaganda ang kapaligiran.
    B. Matutuwa ang namamasura.
    C. Lalago ang mga tanim sa paligid.
    D. Dadami ang mga insekto na maaaring magdala ng mga sakit sa tao

## *Suriin*





| |
|---|
| Galing probinsya ang pamilya ni Fe. Bagong salta pa lamang sila sa Maynila. Wala siyang kakilala. Ano kaya ang gagawin ni Fe? |

Sa binasa mong pangyayari at sitwasyon nakapagbigay kaba ng makabuluhang palagay o hula? Paano ka nakapagbigay ng hinuha? Sariling opinion mo ba o may basihan ka?

- Ang pagbibigay ng hula o palagay ay pagbibigay ng hinuha sa mga pangyayari sa binasang sitwasyon o isang paraan ng pagsasagawa ng mapanuring pang-unawa.

## *Pagyamanin*




1. Gumising nang maaga si Vincent. Naligo, kumain, nagsipilyo at nagsuot ng uniporme. Siya ay___?
   A. mamimili sa palengke C. mamasyal sa plasa
   B. papasok sa paaralan D. manonood ng sine

2. Kumuha ng palanggana si Aling Lita, hiniwalay niya ang mga puti sa may kulay na damit. Nilagyan ng tubig at sabon ang palanggana. Ano kaya ang susunod na gagawin ni Aling Lita?
   A. isasampay ang mga damit
   B. maglalaba ng may kulay na damit
   C. unang lalabhan ang puting damit
   D. babanlawan ang mga damit na iba-iba ang kulay.

3. Uminom ng mainit na kape si Bob nang madaling-araw, kinuha niya ang lambat at nilabas ang bangkang de-motor.
    A. maliligo sa dagat
    B. mag-iigib ng tubig
    C. maglalayag siya upang mangisda
    D. mamasyal sa karagatan upang makalanghap ng sariwang hangin

4. Tuwing hapon nagwawalis ng silid-aralan si Tony. Subalit ng hapong iyon hindi siya nakapaglinis dahil tinawag siya ng kaniyang guro at pinagsabihang magdala ng pala, kalaykay at panghakot sa lupa. Ano kaya ang gagawin niya?
    A. magsusunog ng mga basura
    B. gagawa ng plot para taniman
    C. maglilinis ng palikuran ng paaralan
    D. magrerepaso para sa paligsahan

5. Si Justine ay naghahanda ng iluluto, ang sumusunod namga sangkapay itlog, asin, mantika, sibuyas at kamatis. Ano kaya ang lulutuin niya?
    A. Hot cake
    B. Scramble na itlog
    C. Nilagang itlog
    D. Sunny side-up na itlog



## *Isaisip*



*Ang galing mo kaibigan, titingnan naman natin ngayon kung ano ang iyong natutuhan. Kopyahin mo sa sagutang papel at punan ang mga sumusunod na talahanayan sa ibaba. Galingan mo kaibigan!*


| ANO ANG IYONG MGA NATUTUHAN? | GAANO ITO KAHALAGA? |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

## *Isagawa*



*Kaya pa ba kaibigan? Magaling, alam kong kayang-kaya mo pa. Susubukin natin ngayon ang iyong kakayahan sa paghihinuha sa pamamagitan ng pagbasa ng kuwento, Isulat ang iong sagot sa sagutang papel.*

**Isang Tagpo sa Daan**



Biglaan ang nangyari, hindi malaman kung saan nanggaling ang batang paslit. Bigla itong tumawid sa gitna ng daan at bago niya namalayan na bundol na siya ng isang dyip. Nagkagulo ang mga tao at nag-usyuso kasama ang ina ng bata. Lumuluha itong sumama sa ambulansiyang nagdala sa kaniyang anak sa ospital. Galit na galit ang mga tao, gusto nilang bugbugin ang tsuper. Nang kanilang dadaluhungin ang tsuper, siyang pagdating ng pulis. “Hintay!” sigaw ng pulis. “Hindi kayo ang batas. Hayaan niyong ang batas ang magparusa sa kanya. Maghintay kayo hanggang mapatunayan ng hukuman ang kaniyang pagkakasala,” paliwanag ng pulis.

Tingnan nga natin kung naunawaan mo ang kuwentong iyong binasa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na mga katanungan. Isulat ang iyong mga sagot sa sagutang papel.


1. Sino ang nabundol ng dyip?
2. Saan siya nabundol?
3. Sino ang sumama sa kanya sa ospital?
4. Bakit siya nabundol ng dyip?
5. Paano mo maiiwasan ang ganitong disgrasya sa daan?

**Panuto:** Isulat ang sagot sa sagutang papel sa mga hinuha sa mga pangyayari sa kuwento sa Isang Tagpo sa Daan.

1. Nasaan kaya ang kaniyang ina nang mangyari ang aksidente?
   Hinuha 1:__________________________________
   Hinuha 2: __________________________________
2. Ano kaya ang ginawa ng mga tao pagkatapos magpaliwanag ng pulis?
   Hinuha 1:__________________________________
   Hinuha 2:_________________________________
3. Bakit kaya biglang tumawid ang bata sa daan?
   Hinuha 1:__________________________________
   Hinuha 2: __________________________________
4.Ayon sa batas bakit kailangan parusahan ang isang taong nagkasala?
   Hinuha 1: ____________________________________
   Hinuha 2: ____________________________________
5. Nakulong kaya ang drayber? Bakit?
   Hinuha 1:______________________________________
   Hinuha 2: ______________________________________



## *Tayahin*




| |
|---|
| 1. May humintong ambulansiya sa tapat ng bahay ni Gng. Teresita Mendoza. Maraming tao ang nang-usyuso sa mga pangyayari. Ano kaya ang nangyari kay Gng. Teresita Mendoza? |

A. Dadalhin sa ospital si Gng. Teresita Mendoza.

B. Naubusan ng gasolina ang ambulansiya.

C. Napahinto lamang ang ambulansiya.

D. May inihatid lamang ang tsuper ng ambulansiya kay Gng. Teresita Mendoza.

2. Maraming mag-aaral ang hihinto ngayong pasukan dahil sa covid-19 bakit kaya sila hihinto?

A. ayaw na nilang mag-aaral
B. natatakot siya sa bagong guro
C. walang perang pantustos ang kanilang mga magulang
D. dahil natatakot silang madapuan ng hindi nakikitang sakit na ito

3. Kaarawan ni Steve ngayong araw subalit hindi man lamang naalala ng kaniyang mga magulang. Ano ang gagawin ni Steve?

A. matutulog na lang siya
B. hindi siya uuwi sa kanilang bahay
C. magagalit siya sa kaniyang mga magulang
D. hahayaan niya na lang dahil lilipas din ang araw na ito

4. Nadulas si Alvin sa balat ng saging dahil hindi itinapon ng kaniyang kapatid sa basurahan. Ano kaya ang nangyari kay Alvin?

A. gumanti sa kaniyang kapatid
B. pinagalitan niya ang bunsong kapatid
C. pinagsabihan niya ito na hindi na niya ito uulitin
D. dapat pagalitan ng kanilang ina ang kaniyang kapatid

5. Nanalo si Henry sa lotto ng sampung milyong piso. Ano ang gagawin nito sa sampung milyong piso na napalunan?

A. ibibigay sa nanay niya
B. ipamimigay lahat sa mahihirap
C. idedeposito sa bangko upang lumago ito
D. gagastuhin lahat ang kaniyang napanalunan

## *Karagdagang Gawain*

*Kumusta kaibigan? Narito ka na sa panghuling bahagi ng ating paglalakbay. Sana ay naging masaya ka at marami kang natutunan. Para lubos nating matapos ang ating paglalakbay ay sagutan mo muna ang gawain sa ibaba. Galingan mo!*



**Panuto:** Basahin mo ang mga pangyayari at isulat mo ang sagot sa sagutang papel ang mga hinuha sa bawat pangyayari.

| Pangyayari | Hinuha |
|---|---|
| 1. patuloy na pagtatapon ng basura sa ilog<br>2. paglanghap ng makapal at maitim na usok ng mga sasakyan<br>3. pagputol ng puno sa kagubatan<br>4. pagbabara ng mga estero<br>5. pagbuga ng usok ng mga pabrika<br>6. paggamit ng dinamita sa pangingisda<br>7. pagtapon ng mga kemikal sa ilog at dagat<br>8. paninigarilyo sa mataong lugar<br>9. pagmimina sa mga bundok<br>10. pagkakaingin sa mga kabundukan | |



*Binabati kita kaibigan! Napakagaling mo! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa* pagbibigay hinuha*. Bagaman tapos na tayo sa araling ito. Ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin, ang* ***Modyul 8: Magagalang na Pananalita***

# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. pumutok
2. lumipad sa langit
3. hangin
4. hindi, dahil walang kulay ang hangin
5. hangin

**Balikan**

1. B
2. A
3. D
4. E
5. C

**Tuklasin**

1. Makakalbo ang gubat.
2. Guguho ang lupa.
3. Dahil sa mga taong nagtotroso at nag kakaingin.
4. Maraming mamatay.
5. Upang maging malusog at makalanghap ng sariwang hangin.

1. B
2. D
3. D
4. D
5. D

**Pagyamanin**

1. B
2. C
3. C
4. B
5. B

**Isaisip**

| ANO ANG IYONG MGA NATUTUHAN? | GAANO ITO KAHALAGA? |
| --- | --- |
| 1. Ang pagbibigay ng sariling opinion o kuro- kuro sa binasang seleksiyon o talata ay *pagbibigay hinuha*. | Ito'y mahalaga sapagkat maaari mong malaman kung ano ang mangyayari sa sitwasyong iyong ki-nalalagyan at maiiwasan mo ang masasamang kalalabasan o di kaya ay mahahandaan mo ang mga ito. |
| 2. Maaari kang makapagbigay ng sarili mong palagay upang ang isang pangyayari o kuwento ay magka-karoon ng wakas na gugustuhin mo. | |

**ISAGAWA**

1. batang paslit
2. sa gitna ng daan
3. ang kanyang nanay
4. hindi siya nag-iingat
5. mag-ingat sa pagtawid at tingnan kung may paparating na sasakyan o wala bago

**Tayahin**

Gawain 1:
1. A
2. D
3. D
4. C
5. C

**Karagdagang Gawain**

Hinuha:
1. Magkakaroon ng maraming insekto sa kanilang lugar.
2. Magkakasakit sa baga.
3. Walang matitirahan ang mga ibon at hayop.
4. Babaha sa kanilang lugar.
5. Magkakasakit sila.
6. Mamamatay ang mga maliit na isda at iba pang lamang dagat.
7. Maging marumi ang tubig at mamatay ang mga isda.
8. Marami ang magkakakasakit.
9. Guguho ang lupa.
10. Maubos ang mga punong-kahoy.

(1-10 may iba pang sagot ang mga bata at iwawasto ng guro)

## *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) (F6PN-Id-e-12)
- K to 12 Curriculum in Filipino 2016 F6PN-Id-e-12, p. 119
- LR-6805-MISOSA

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippine 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph